

# ANO ANG PROYEKTONG MAKATARUNGANG PABAHAY?

Ang makatarungang pabahay ay ang karapatang pumili ng pabahay nang malaya mula sa labag sa batas na diskriminasyon. Sa ilalim ng pederal na Batas sa Makatarungang Pabahay (Fair Housing Act), labag sa batas para sa isang provider ng pabahay na mandiskrimina laban sa sinuman dahil sa kanilang lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, kapansanan at katayuan sa pamilya (ibig sabihin, mga sambahayang may mga anak, sambahayang gustong magkakustodiya o pag-aampon ng mga bata, o mga babaeng buntis).

Ang mga batas sa makatarungang pabahay sa Illinois ay nagbibigay ng karagdagang proteksyon laban sa diskriminasyon batay sa ninuno, edad, katayuan sa militar o pagka-discharge sa militar, katayuan sa kasal, katayuan sa pagkakasunud-sunod ng proteksyon, sekswal na oryentasyon o pagkakakilanlan ng gender, pagbubuntis, rekord ng pag-aresto (ibig sabihin, mga rekord ng pag-aresto na hindi humantong sa isang paghatol, mga rekord ng kabataan at mga selyado/tinanggal na rekord), pinagmumulan ng kita at katayuan sa imigrasyon. Maaaring magbigay ng mga karagdagang proteksyon ang mga lokal na ordinansa ng iyong lungsod o county.

## SINO ANG DAPAT MAGKALOOB NG MAKATARUNGANG PABAHAY?

- Mga may-ari ng gusali, maylupa at kompanya ng pamamahala
- Mga awtoridad sa pampublikong pabahay at ahensya ng pamahalaan
- Mga ahente ng real estate at nagbebenta ng bahay
- Mga appraiser, broker ng mortgage, bangko o iba pang institusyon na nagpapautang
- Mga kompanya ng insurance

## MGA HALIMBAWA NG DISKRIMINASYON SA PABAHAY

Maraming anyo ang diskriminasyon sa pabahay at hindi ito palaging madaling mahalata. Halimbawa, maaaring labag sa batas kapag ang provider ng pabahay ay:

- Nagpapauya lamang sa mga nagsasalita ng wikang Ingles
- Nag-aanunso sa paraan na pinapaboran ang isang grupo kaysa sa iba
- Nagbabanta o nananakot o gumaganti laban sa iyo dahil nagreklamo ka tungkol sa diskriminasyon sa pabahay
- Tumatangging payagan ka na magpagawa ng wheelchair ramp o tumatangi sa iba pang makatuwirang tulong o pagbabago
- Tinuturo ka patungo sa mga lugar kung saan “mas magiging komportable ka”
- Hindi pinahihintulutan ang mga hayop para sa emosyonal na suporta o pinapayagan lamang ang mga asong panserbisyo
- Tumatangging magpautang sa mortgage sa mga partikular na kapitbahayan o naniningil ng mas mataas na rate o hindi nagbibigay ng impormasyon sa pautang
- Nagsisinungaling na hindi available ang apartment
- Tumatangging magpaupa sa iyo sa paniniwalang magiging masyadong maingay ang iyong mga anak
- Pinapayagan ang panliligalig sa mga umuupa na transgender o gay
- Tumatangging magpaupa sa iyo dahil sa nakaraang rekord ng pagkaaresto
- Hina-harass ka sa sekswal na paraan o pinapalayas ka pagkatapos mong magreklamo tungkol sa sekswal na panliligalig
- Sinusubukan kang palayasin dahil nakakuha ka ng utos para maprotektahan (order of protection) bilang biktima ng karahasan sa tahanan
- Tina-target ka para sa isang scheme ng pagsalo sa pagkakaremata (foreclosure rescue scheme) dahil sa kulay ng iyong balat
- Tinataya ang iyong bahay (sa panahon ng pag-refinance) nang mas mababa kaysa sa mga katulad na bahay na malapit sa iyo dahil sa iyong lahi
- Tumatangging tanggapin ang iyong Voucher sa Pagpili ng Pabahay



## PAANO MAKAKATULONG ANG PROYEKTO SA AKIN?

1. Maaari kaming **makipagkasundo** para sa iyo sa isang maylupa o iba pang provider ng pabahay.
2. Maaari naming **imbestigahan** ang sa tingin mo ay diskriminasyon sa pabahay sa pamamagitan ng paggamit ng pagsusuri sa makatarungang pabahay (fair housing testing).
3. Maaari ka naming tulungang **maghain ng reklamo** sa Departamento sa Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod ng U.S. (U.S. Department of Housing and Urban Development) o Departamento ng Karapatang Pangtao ng Illinois (Illinois Department of Human Rights).
4. Maaari kaming **kumatawan** para sa iyo kung maghain ka ng reklamo.

## MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay biktima ng diskriminasyon sa pabahay, maaaring makatulong ang Proyekto ng Makatarungang Pabahay. Ikokonekta ka namin sa tanggapan ng PSLS na nagsisilbi sa county kung saan ka nakatira.

**855-FHP-PSLS (347-7757)**  
**pslegal.org/fairhousing**



## PAGPOPONDO

*Ang trabaho na naging basehan ng publikasyong ito ay sinuportahan ng pondo na ipinagkaloob kasama ang Departamento ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod ng U.S.. Ang nilalaman at mga natuklasan ng trabahong ito ay inihahandog sa publiko. Tanging ang may-akda at tagapaglathala lamang ang may responsabilidad sa katumpakan ng mga pahayag at mga interpretasyon sa publikasyong ito. Hindi nangangahulugan na sinasalamin ng mga interpretasyong ito ang mga pananaw ng Pederal na Pamahalaan.*

Ang Proyekto ng Makatarungang Pabahay ay tumatanggap ng espesyal na pondo para pagsilbihan ang mga tao sa County ng Boone, Lake, McHenry, Peoria, Tazewell at Winnebago; ang Lungsod ng Bloomington at ang Bayan ng Normal.



Katuwang ng Komunidad

**LSC** America's Partner  
for Equal Justice  
LEGAL SERVICES CORPORATION

Para suportahan ang aming gawain, bisitahin ang [pslegal.org/donate](https://pslegal.org/donate).

Maghanap ng mga legal na mapagkukunan at mag-apply para sa tulong sa Illinois Legal Aid Online. Bisitahin ang [illinoislegalaid.org](https://illinoislegalaid.org) o i-scan ang code.



**PRAIRIE STATE  
LEGAL SERVICES**

Administrative Office  
303 North Main Street  
Suite 600  
Rockford, IL 61101  
815-965-2134  
[info@pslegal.org](mailto:info@pslegal.org)  
[pslegal.org](https://pslegal.org)



*Iginagalang namin ang mga karapatan sa pagkapribado ng aming mga kliyente. Hindi kami nandiskrimina batay sa lahi, etnisidad, kulay, relihiyon, gender, pagkakakilanlan ng gender, ekspresyon o presentasyon, sekswal na oryentasyon, bansang pinagmulan, genetika, kapansanan, edad o anumang katayuang protektado ng batas.*